CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Setyembre 1, 2020

Pakikipag-ugnay: Jane Grobaty, Opisyal ng Impormasyon sa Komunidad, Parke, Libangan at Marina ng Long Beach, 562.570.3233, Jane.Grobaty@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Mag-aalok ang Long Beach ng 'After School Reimagined' na Programa ng Kampo sa Taglagas para sa Kabataan

Ang mga Programa ay Magpapatuloy katulad ng Taginit na Camp Format at Susunod sa mga Protokol sa Kaligtasan ng COVID-19

Long Beach, CA - Ang Parke, Libangan, at Marina (PRM, inisyal sa Ingles) ng Long Beach ay naglulunsad ng isang serye ng mga programa sa pagkatapos ng eskuwela na kampo para sa mga kabataan hanggang sa taglagas na may mas mababang kawani-sa-camper na ratio at iba pang mga pinahusay na mga protokol sa kaligtasan.

Ang mga programa ng "After School Reimagined" ay inaalok Lunes hanggang Biyernes mula 3 p.m. hanggang 6 p.m. simula Martes, Setyembre 8. Ang mga kabataan ay maaring sumali sa mga aktibidad sa fitness, laro at sining, takdang aralin at iba pa. Ang gastos para sa programa ay $10 bawat linggo, bawat participante, at mayroong mga iskolarship na maaaring makuha.

Maaaring magparehistro sa programa online sa website ng PRM simula Biyernes, Setyembre 4. Ang pagpaparehistro sa personal ay maaari ring gawin sa Septiyembre 4 mula 8 a.m. hanggang tanghali sa opisina ng PRM (2760 N. Studebaker Rd.), Pan American Park (5157 E. Centralia St.), Martin Luther King Jr. Park (1950 Lemon Ave.), Silverado Park (1545 W. 31st St.) at Belmont Plaza Pool (4320 E. Olympic Plaza). Ang mga residente ay maaaring magpa-appointment upang magrehistro sa personal pagkatapos ng Setyembre 4 sa pagtawag sa 562.570.3150.

Ang mga programa na pagkatapos ng eskuwela ay iaalok sa mga sumusunod na lokasyon:

- Bixby Park (130 Cherry Ave.)
- Cesar Chavez Park (401 Golden Ave.)
- Colleges Estates Park (808 Stevely Ave.)
- Coolidge Park (352 E. Neece St.)
- Drake Park (951 Maine Ave.)
- El Dorado Park West (2800 N. Studebaker Rd.)
- Houghton Park (6301 Myrtle Ave.)
- MacArthur Park (1321 Anaheim St.)
- Martin Luther King Jr. Park (1950 Lemon Ave.)
- McBride Park (1550 Martin Luther King Jr. Ave.)
- Orizaba Park (1435 Orizaba Ave.)
- Pan American Park (5157 E. Centralia St.)
- Ramona Park (2760 N. Studebaker Rd.)
- Seaside Park (440 W. Cowles St.)
- Scherer Park (4600 Long Beach Blvd.)
- Silverado Park (1545 W. 31st St.)
- Somerset Park (1500 E. Carson St.)
- Stearns Champions Park (4520 E. 23rd St.)
- Veterans Park (101 E. 28th St.)
- Wardlow Park (3457 Stanbridge Ave.)
- Whaley Park (5620 E. Atherton St.)

Kasama sa mga protokol ng kaligtasan para sa mga programa sa pagkatapos ng eskuwela ay kinabibilangan ng:

- Paglilimita ng bilang ng mga participante sa bawat day camp.
- Pagpapanatili ng isang 12:1 na ratio ng participante-sa-kawani na naaangkop sa laki ng sentro ng komunidad.
- Pagpapatupad ng mga protokol sa pisikal na pagdistansya, kabilang ang pag-check in at pag-checkout.
- Paglilinis at pagdidisimpekta ng mga pasilidad ng maraming beses bawat araw.
- Paglilinis at pagdidisimpekta ng madalas ng mga madalas-na-hawakan na mga ibabaw.

- Pangangailangan ng pagsuot ng mga panakip ng mukha para sa mga participante at mga kawani.

Ang PRM ay nag-alok ng programang 'Recreation Imagined' sa buong tag-int, na nagtatampok ng isang bilang ng mga abot-kayang day camp at programa para sa mga kabataan at tinedyer. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga programa sa pagkatapos ng eskuwela, tumawag sa 562.570.3150 o bumisita sa longbeach.gov/park/.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang kanilang mga residente, bumisita sa longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###